



**Sofibats by**  
**Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani**

**ANG KAYAMANAN NG KABILANG BUHAY**

*Assalamu Alaykum wa Rahmatullah wa Barakatuh,  
Auzu Billahi Minashaytanir Rajeem. Bismillahir Rahmanir Raheem,  
Wassalatu Wassalamu ala Rasulina Muhammadin Sayyidul Anwalin wal Akhirin,  
Madad Ya Rasulallah, Madad Ya As'habi RasuLillah, Madad Ya Mashayikhina,  
Shaykh Abdullah Daghestani, Shaykh Nazim al-Haqqani. Dastur.  
Tariqatunas sohba, wal khayru fil jamiyya.*

كَفَى بِالْمَوْتِ وَاعِظًا يَا عَمْرُ

“Kafaa bilmawti wa’ithan Ya Omar!” ang sabi ng banal na Propeta Muhammad alayhis salatu was salam kay Hadrat Omar(Ra.) “Ang kamatayan ay isang sapat na aralin para sa iyo O Omar!” Kahapon ay pumanaw si Mustafa Koç na nagpapakita sa atin na ang kamatayan ay andyan lamang. Ang kamatayan ay nangyayari araw-araw ngunit kanilang iniisip na iba ito para sa ibang tao.

Ang lahat ay may takda. Kapag ang oras ay darating na, ang per ay wala ng saysay, ang iyong mga kayamanan ay wala ng saysay at iyong mga anak ay wala na ring saysay. Ang Allah(awj) ay ipapakuha ka na kay Azrail(as). Wala siyang pakialam kung ika’y mayaman o pulubi.

Ang mga mayayaman na tao ay kailangan pagyamanin pa ang kanilang patutunguhan sa kabilang buhay at kailangan nila isipin ito para ito’y mabigyan ng kahalagahan. Ang Allah ay nagbigay ng maraming pagkakataon: kailangan mong pahalagahan ang kabilang buhay katulad ng iyong pagpapahalaga sa mundong ito.

Ang Allah ang nagbigay nitong mga biyaya. Kapag di mo ito ginamit, hindi sila magiging biyaya kung hindi mga bagay na itatanong sa iyo sa araw ng paghukom. Subalit pag sinunandan mo ang utos ng Allah, nagbigay ka ng Zakat at Sadaqa, ikaw ay makakaramdam ng ginhawa. Ngunit pag di ka nagbigay, sa araw ng paghukom iyong hihilingin na sana pulubi ka na lang. At iyon ay sa pagitan ninyo at ni Allah.

Tayo ay di makakapagsabi ng anong bagay sa kahit na sino man. Sapagkat may mga taong gumagawa ng kabutihan ngunit di nila pinapakita. Walang mag-aakala





**Sofibats by**  
**Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani**

na gagawa ng kabutihan ang taong to. Iyon ay sa pagitan niya at ni Allah, at iyon ay mas naayon sa kagustuhan ng Allah.

Ang mga taong gumagawa nun ay tagumpay as kabilang buhay. Ang mga kayamanan ay magiging biyaya ng Allah sa kanila at magbibigay sa kanila ng kayamana sa kabilang buhay. Pero kapag di nila aalahanin ang Allah, kapag sila ay nalunod sa mundong ito at ang mundong ito lamang ang kanilan iniisip, wala ng saysay sa kanila ang pagsabi ng “Sana” kapag dumating na ang nakatakda.

Maari sanang gawin tayo ng Allah mula sa mga taong nakakakita ng kaniya biyaya at mga taong nagbibigay ng papuri at pasasalamat sa kanya. Sana’y magbigay ang Allah at sana’y magbigay siya ng maraming biyaya. Sana ay gawin tayo mula sa mga nakakaalam ng kahalagahan ng biyaya niya In Sha Allah. Sapagkat sabi ng banal na Propeta Muhammad alayhis salatu was salam “Ang malakas na nananampalataya ay mas mabuti sa mahinang mananampalatay.”

Ang Lakas ay isang biyaya din na binibigay ng Allah. Yun ang dahilan kung bakit tayo binibigyan ng Allah at sana’y di tayo ilagay ng Allah sa maling landas In Sha Allah. Mula sa Aming sinabi, iyon ay sa pagitan ng Allah at kaniyang alipin. Hindi natin alam kung ano ang nangyari at kung ano ang natira. Ito ay aralin sa lahat ng tao. Ito’y magbibigay ng kayamanan sa mundong ito at sa kabilang buhay, ito ay maari din magbigay ng pagkalugi sa kabilang buhay. Tayo sana ay gawin ng Allah kabilang sa mga mayaman sa Kabilang Buhay.

Wa Minallah at-Tawfeeq.

Al-Fatiha.

Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil  
22 January 2016 / 12 Rabiul Akhir 1437  
Sabah Namaz, Akbaba Dargah

1. Nimat
2. Obligatory alms
3. Sadaqa
4. Mumin